
AGRICULTURAL TRAINING INSTITUTE
Regional Training Center V (Bicol)
Diversion Road, San Agustin, Pili, Camarines Sur
Telefax No. (054) 477-1579/884-5868

Translated and Produced by
**INFORMATION SERVICES SECTION**

**In Support to NATIONAL LIVESTOCK PROGRAM**

ATI Bicol @ati_bicol @BicolAti ati_albay@yahoo.com



# AFRICAN SWINE FEVER, Nakamamatay sa mga Alagang Baboy

# African Swine Fever

**"Wag Maging Tagadala ng Mikrobyong Nagdudulot ng Malubhang Sakit sa Mga Alagang Baboy"**

## KEY FACTS



- Ang **African swine fever (ASF)** ay isang malubhang viral disease na nakaaapekto sa mga alagang baboy at mga baboy-ramo.

- Ito ay tinatawag na transboundary animal disease (TAD) o naikakalat sa pamamagitan ng buhay o kinatay na mga baboy, alagang baboy o baboy-ramo, at mga produkto mula sa karne ng baboy.

- Ang sakit na ito ay maaari ring kumalat sa pamamagitan ng kontaminadong pagkain ng baboy o mga kontaminadong gamit tulad ng sapatos, damit, sasakyan, kutsilyo at iba pang kagamitan.

- Ang ASF virus ay sinasabing may high environmental resistance o nalalabanan nito ang kapaligirang hindi kanais-nais sa kanila.

- Sa ngayon, wala pang iminumungkahing bakuna para sa ASF ('di tulad ng 'Hog Cholera' na dala ng ibang virus).

- Ang ASF ay napag-alamang kumalat na sa iba't ibang bansa sa Africa, Asia and Europe at nagdulot ng sakit.

- Ang ASF ay hindi nagdudulot ng sakit sa mga tao.

## ANO ANG ASF?

- Ang ASF ay isang haemorrhagic viral disease. Ibig sabihin, nagkakaroon ng pagdurugo sa loob ng katawan ng mga apektadong alagang baboy o baboy-ramo.

- Ito ay dala ng DNA virus mula sa *Asfarviridae* family.

- Bagama't ang mga sintomas ng ASF at classical swine fever (CSF) ay may pagkapareho, ang ASF virus ay iba sa CSF virus.

## PAGKALAT NG ASF

**Ang ASF ay maaaring maikalat sa pamamagitan ng sumusunod:**

- Dala ng mga may sakit na alagang baboy o baboy-ramo.

- Pagkain ng mga kontaminadong material tulad ng mga tirang pagkain, pagkain sa baboy, o basura.

- Dala ng mga kontaminadong bagay o mga kuto mula sa genus Ornthodoros.



## MGA SENYALES NA MAY ASF ANG BABOY

- Ang mga senyales na makikita ay nag-iiba depende sa bagsik ng nakahawang virus at ang uri ng baboy.

- Ang acute form ng ASF ay nag dadala ng lagnat na may mataas na temperature kaakibat ang mga sumusunod:

  - Pagkawala ng ganang kumain
  - Pagdurugo na nakikita sa pamamagitan ng mapupulang balat sa tenga, tiyan at mga paa
  - Kung buntis ang baboy, ito ay nakukunan
  - Pagsusuka at pagtatae
  - Pagkamatay ng baboy sa loob ng 6-13 araw o minsan ay umaabot hanggang 20 araw
  - Umaabot sa 100% mortality o pagkamatay ng mga apektadong baboy

- Ang chronic ASF ay nagdadala ng sakit na mas matagal tumalab sa kalusugan ng baboy at may dalang sintomas tulad ng mga sumusumod:

  - Mas mababang mortality rates (30-70%)
  - Pagbawas ng timbang
  - Pabalik-balik ng lagnat
  - Hirap sa paghinga
  - Pagkasugat ng balat
  - Arthritis o mistulang may rayuma

- Ang iba't ibang uri ng baboy ay may iba't ibang reaksyon sa ASF virus.

- Kung nagsususpetsang may ASF or CSF ang alagang baboy, kailangang makumpirma ito sa pamamagitan ng pagsusuri sa laboratoryo.

## PAANO MAIWASAN ANG ASF?

- Kailangan ang tamang polisiya tungkol sa pag-angkat upang maiwasang makapasok ang mga kontaminadong baboy o produktong mula sa karneng baboy.

- Tamang paraan ng pagtapon ng mga basura mula sa mga sasakyan, eroplano o barko.

- Mahalaga ang maagang pagkumpirma ng ASF at makataong paraan ng pagpuksa ng hayop na may ASF, kasama na ang tamang pagtapon ng mga labi ng mga ito, paglinis ng apektadong lugar, at biosecurity measures.

- Lubhang mahalaga ang pamamahala ng Veterinary Services at iba pang awtoridad upang ganap na maiwasan ang pagkalat ng ASF.

Reference: https://www.oie.int/en/animal-health-in-the-world/animal-diseases/african-swine-fever/